County ng Santa Clara
Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante
1555 Berger Drive, Building 2
San Jose, California, 95112
IKA-2 NA INIWASTONG PAUNAWA SA HALALAN

IPINAGBIBIGAY-ALAM SA PAMAMAGITAN NITO sa mga kuwalipikadong manghahalal ng **Awtoridad sa Pananalapi sa Pabahay sa Bay Area (BAHFA)** na matatagpuan sa mga county ng Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Mateo, Santa Clara, Solano at Sonoma, mga lunsod sa loob ng mga county na iyon, at ang Lunsod at County ng San Francisco (magkakasamang tinutukoy bilang "Bay Area"), ng California, na alinsunod sa mga probisyon ng Kodigo ng Pamahalaan ng California at Kodigo ng mga Halalan ng California, ang isang Halalan para sa layunin ng Panrehiyong Panukala ay gaganapin sa **Nobyembre 5, 2024**, kung saan ang sumusunod na panukala ay isusumite at pagbobotohan ng mga kuwalipikadong manghahalal sa loob ng **BAHFA**.

PANREHIYONG PANUKALA 4

PLANO SA PAGIGING ABOT-KAYA NG BAY AREA. Upang matugunan ang pagiging abot-kaya ng pabahay at mabawasan ang kawalan ng tirahan sa pamamagitan ng:

- **pagbibigay ng tinatayang 70,000 abot-kayang mga apartment/bahay;**
- **paggawa ng mga bahay malapit sa mga transportasyon, trabaho, at tindahan;**
- **gawing abot-kayang pabahay ang mga bakanteng lote/sirang ari-arian; at**
- **pagbibigay ng tulong sa mga unang beses na bibili ng bahay;**

dapat bang pagtibayin ang panukalang maglalabas ng $20,000,000,000 na mga bono na may mga legal na rate, na magpapataw ng tinatayang $19 kada $100,000 ng tinasang halaga na lilikom ng $910,976,423 taon-taon habang hindi pa bayad ang mga bono, at nangangailangan na iulat sa publiko, mga independiyenteng pagsusuri/pagbabantay ng mamamayan?

Mga Bono—Oo____
Mga Bono—Hindi ____

IPINAGBIBIGAY-ALAM DIN NITO na ang mga pangangatwirang panig o laban sa nasabing panukala ay maaaring isumite sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara sa pamamagitan ng elektronikong pagsumite sa candidateservices@rov.sccgov.org o nang personal sa Candidate Services Division sa direksiyong nakalista sa itaas, ng hindi lalampas ng 5:00 p.m. sa **Hulyo 23, 2024.** Ang namamahalang lupon o sinumang miyembro o mga miyembro ng lupon, sinumang

indibidwal na botante na kuwalipikadong bumoto sa panukala, o isang lehitimong asosasyon ng mga mamamayan, o kumbinasyon ng mga nasabing botante at asosasyon ay maaaring maghain ng nakasulat na pangangatwirang panig o laban sa Panukala. Hindi dapat lumampas sa 300 salita ang haba ng pangangatwiran. Hindi dapat higit sa limang pirma ang lalabas sa anumang isinumiteng pangangatwiran. Ang mga isinumiteng naka-print na pangangatwiran ay dapat may pamagat na "Pangangatwirang Panig sa Panukala" o "Pangangatwirang Laban sa Panukala." Ang mga salitang ginamit sa pamagat ay hindi dapat bilangin kapag tinutukoy ang haba ng anumang pangangatwiran.

Dapat ipakita ng Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara ang mga pangangatwiran para sa pagsusuri ng publiko sa mga oras ng trabaho sa loob ng 10 araw nang kalendaryo na magsisimula sa **Hulyo 24, 2024**, at matatapos sa **Agosto 2, 2024**, na kasunod agad ng takdang petsa ng paghahain para sa pagsusumite ng mga sagot na pangangatwiran.

Ang Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara ay pipili ng pangangatwirang panig sa at pangangatwirang laban sa panukala na itatala at ipapamahagi sa mga Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County (CVIGs) sa lahat ng siyam na mga county.

Ang Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara ay magpapadala ng kopya ng napiling pangangatwirang panig sa panukala sa mga may-akda ng mga pangangatwirang laban sa, at ng kopya ng napiling pangangatwirang laban sa mga may-akda ng pangangatwirang panig sa. Ang mga may-akda ay maaaring maghanda at magsumite ng sagot sa pangangatwiran na hindi lalampas sa 250 salita ang haba. Ang bawat sagot na pangangatwiran ay dapat agad na kasunod ng direktang pangangatwiran na gusto nitong sagutin at dapat itong bigyan ng pamagat na "Sagot sa Pangangatwirang Panig sa Panukala," o "Sagot sa Pangangatwirang Laban sa Panukala." Ang mga salitang ginamit sa pamagat ay hindi dapat bilangin kapag tinutukoy ang haba ng anumang sagot na pangangatwiran. Dapat ihain ang mga sagot na pangangatwiran sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara nang hindi lalampas ng 5:00 p.m. sa **Hulyo 30, 2024**.

Dapat ipakita ng Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara ang mga sagot na pangangatwiran para sa pagsusuri ng publiko sa mga oras ng trabaho sa loob ng 10 araw nang kalendaryo na magsisimula sa **Hulyo 31, 2024**, at matatapos sa **Agosto 9, 2024**, na kasunod agad ng takdang petsa ng paghahain para sa pagsusumite ng mga sagot na pangangatwiran.

Ang lahat ng pangangatwiran at sagot na inihain alinsunod sa paunawang ito ay may kasama dapat na sumusunod na form ng pahayag na pipirmahan ng bawat may-akda:

Ipinapahayag ng (mga) nakapirmang may-akda ng PANGANGATWIRAN/SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA/LABAN SA Panukala sa Balota sa Halalan sa **BAHFA**, mga county ng Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Mateo, Santa Clara, Solano at Sonoma, mga lunsod sa loob ng mga county na iyon, at ang Lunsod at County ng San Francisco (magkakasamang tinutukoy bilang "Bay Area"), na gaganapin sa **Nobyembre 5, 2024**, ipinapahayag na ang nasabing pangangatwiran ay totoo at wasto sa abot ng kanyang/kanilang nalalaman at paniniwala.

PAGBIBGAY-ALAM PARA SA MGA BOTANTE NG COUNTY NG SANTA CLARA

IPINAGBIBIGAY-ALAM NITO na ang lahat ng aktibong rehistradong botante ng County ng Santa Clara ay awtomatikong papadalhan sa koreo ng pakete ng balota sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo simula sa **Oktubre 7, 2024**, magbubukas ang mga Sentro ng Pagboto para sa nasabing halalan simula sa **Oktubre 26, 2024,** hanggang **Nobyembre 5, 2024**, para sa iba't ibang oras ng operasyon. Mangyaring tingnan ang aming Listahan ng mga oras ng operasyon ng mga Sentro ng Pagboto na naka paskil sa aming website sa https://www.sccvote.org/. Magbubukas ang mga Sentro ng Pagboto sa Araw ng Halalan, **Nobyembre 5, 2024,** mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. Ang lahat ng balotang naitala sa nasabing halalan ay sentral na bibilangin sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante.

IPINAGBIBIGAY-ALAM DIN NITO na, alinsunod sa seksyon 15101(b) ng Kodigo sa mga Halalan, ang mga balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay bubuksan at ipoproseso para sa pagbibilang simula sa **Oktubre 7, 2024**, sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara.

Pinetsahan: Hulyo 16, 2024

Matt Moreles, Pansamantalang Tagapagrehistro ng mga Botante
para sa County ng Santa Clara